

## Morpo- analisis sa mga nagwaging Siday

Balderian, Annabelle L. ✉

Leyte Normal University, Philippines ([bellebalderian@gmail.com](mailto:bellebalderian@gmail.com))

**Received:** 20 February 2022

**Available Online:** 15 April 2022

**Revised:** 25 March 2022

**DOI:** 10.5861/ijrse.2022.822

**Accepted:** 1 April 2022



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

---

### *Abstract*

The purpose of this study was to evaluate the selected words found among the Siday that won in different literary contests. Analysis was done according to morpheme form, word meaning, word formation or structure, and part of speech. Qualitative research method was used in the form of Content Analysis. It has been proven based on the result that most of the words in the Siday are composed of free and bound morphemes such as pag-and ma-, the words have literal meanings while the structure of the words are mostly with affixes followed by words with repeated syllables and words with no affixes. The part of speech is usually verb followed by noun and adjective. Thus, it can be said that those Siday that won in various literary contests are consist of free and bound morphemes, the words have denotative meanings, words are with affixes and verbs. It is suggested that the winning Siday may be used as spring board in language teaching and make the pattern used in the analysis of words based on morpheme, word structure, meaning and part of speech in the analysis of other genres of literature.

**Keywords:** morpo- analisis, winning Siday, word structure, literature, morphemes

## Morpo-analisis sa mga nagwaging Siday

### 1. Introduction

Ang pag-aaral sa morpolohiya ng isang wika ay nakatutulong upang lalong maunawaan ang kalikasan ng wika tulad ng wikang Waray nang sa gayon ay magamit nang mabisa tungo sa epektibong komunikasyon at produktibong talakayan sa loob ng klasrum. Ayon kay Badayos (2008), ang morpolohiya ay pag-aaral ng mga makabuluhang yunit ng salita ng isang wika. Binibigyang-tuon ang pag-aaral sa morpema. Morpema ang tawag sa pinakamaliit na yunit ng isang salita na may kahulugan. Ito ay maaring malaya at hindi malaya. Saad naman nina Alcaraz et al. (2005), ang morpoloji ay pag-aaral ng mga salita at ang relasyon nito sa iba pang mga wika. Mahalagang malaman, para sa sinumang nag-aaral ng wika, kung ano ang pagkakabuo ng mga salita.

Nakatuon sa pagsusuri sa mga salitang nakapaloob sa mga nagwaging Siday ang pag-aaral na ito. Siday ang tawag sa tulang isinulat gamit ang wikang Waray. Inilahad ni Abuyen (2000), “an siday amo an usa ka porma hin arte ngan panurat”. Ito ay isang anyo ng sining sa pagkatha o pagsulat. Nagsisilbi itong daluyan sa paghasa sa talento at pagkamalikhain ng mga Waray. Binanggit naman ni Aurillo (1990), ang wikang Waray ay siya nang ginagamit noon pa ng mga tao sa Silangan partikular sa Leyte. Sabi pa niya. “Iton Waray o Winaray- ngaran nga kadaan ug hin-araan na hiton taga Sinirangan han Leyte, nga kita dinhi nga parte han nasud amo an ira tinatawag nga mga Waray, nga an yinaknan diri Waray-Waray kundi Winaray”. Ito ang wikang ginagamit sa pagpapahayag ng mga Waray sa kanilang araw-araw na buhay na nararapat na pahalagahan at pagyamanin upang patuloy na umunlad.

Pinagbatayan sa morpo-analisis sa mga nagwaging Siday ang teorya ni Spencer (1991), na naniniwalang ang teoryang morpolohikal ay ginagamit sa paglalarawan at pagpapakahulugan ng istrukturang morpolohikal ng isang wika gayundin ang kumplikadong detalye at natatanging katangian. Ito ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa morpolohikal na pag-aanalisa ayon sa paniniwala ng teoryang ito. Pinagtibay ng teoryang ito ang ginawang morpo-analisis ng mananaliksik sa mga morpemang nakapaloob sa mga Siday sa Leyte at Samar upang matamo ang layunin.

#### 1.1 Layunin

Layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang limang nagwaging Siday sa Rehiyon 8 ayon sa morpo-analisis ng mga piling salita batay sa: anyo ng morpema; pagpapakahulugan; kayarian ng salita at bahagi ng pananalita.

### 2. Metodolohiya

Gumamit ng kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik sa anyong pagsusuri sa nilalaman ang pag-aaral na ito. Angkop gamitin ang pamamaraang ito dahil teksto ang mga datos na ginamit sa pagsusuri. Inilahad ni Abadiano (2016), na nakasalalay sa paglikom ng mga kwalitatibong datos tulad ng mga salita at larawan ang kwalitatibong pananaliksik. Ginamat naman ang pagsusuri sa nilalaman dahil nakasentro ang pagsusuri sa nilalaman ng teksto tulad ng mga nagwaging Siday. Ayon pa kay Kerlinger (1973), madaling isagawa ang pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* dahil napakabisang paraan ito sa pagkilatis o pagtataya ng tekstong sinusuri. Dumaan sa tatlong *validators* ang ginawang pagsusuri sa mga nagwaging Siday upang matiyak ang katumpakan nito.

### 3. Pagtalakay sa Resulta

Matutunghayan sa talahanayan 1 ang sampung salita sa Siday na isinulat ni Voltaire Q. Oyzon na pinamagatang “**An maupay ha mga Waray**” at ang anyo ng morpema. pagpapakahulugan, kayarian ng mga salita at bahagi ng pananalita. Ang mga salitang napili ay kumakatawan sa kabuoan ng akda.

**Talahanayan 1***Morpo-Analisis sa Siday na "An maupay ha mga Waray"*

Mga Salita	Anyo ng Morpema		Pagpapakahulugan	Kayarian ng Salita	Bahagi ng Pananalita
	Malaya	Di-Malaya			
1.hinuhubsan <i>natutyuan</i>	hubas	-in-/ -an	nawawalan ng laman	inuulit	pandiwa
2.dughan <i>dibdib</i>	dibdib	wala	bahagi ng katawan ng tao kung saan matatagpuan ang puso	payak	pangngalan
3.medyahan <i>medyahan</i>	medya	-han	uri ng lalagyan ng inumin/likido	maylapi	pangngalan
4.inaalgan <i>iniigiban</i>	alog	-an	nilalagyan ng laman	inuulit	pandiwa
5.nagpipinanuyangko <i>nagpoproblema</i>	yangko	nagpipinanu-	malalim ang iniisip habang nakalagay ang kamay sa may mukha	inuulit	pandiwa
6.kasingkasing <i>puso</i>	kasingkasing	wala	bahagi ng katawan ng tao na tumitibok; puso ng tao	payak	pangngalan
7.tinataro-tangwayan <i>pagbili ng inumin</i>	tangway	-in-/ -an	pagbili ng inumin upang pagsaluhan	inuulit	pandiwa
8.mamagsul-ay <i>masuka</i>	sul-ay	mamag-	masuka dulot ng kalasingan	inuulit	pandiwa
9.pagtinagay-tagayan <i>pagtatagay-tagayan</i>	tagay	pag-,in/ -an	paglalagay ng inumin sa baso ng kainuman	inuulit	pandiwa
10.manlunay <i>mapahiga</i>	lunay	man-	mapahiga sa sahig	maylapi	pandiwa

Ang unang salitang napili ay *hinuhubsan*. Binubuo ito ng malayang morpemang *hubas* na ginitlapan ng pa-*in-* na ang ibig sabihin ay kasalukuyang nagaganap ang kilos na paghubas at hulaping *-an* na ikinabit sa salitang-ugat na nagsasaad ng kilos. Ang mga panlaping *-in-at -an* na ikinabit sa salitang-ugat na *hubas* ay itinuturing na di-malayang morpema dahil nakasalalay lamang ang kahulugan ng mga ito kung ikinakabit na sa malayang morpema o morpemang may sariling kahulugan. Nagkaroon ng pagkakaltas sa malayang morpemang *hubas* partikular ang letrang "a" at inulit ang unang pantig ng salitang-ugat kaya nabuo ang salita. Ang ibig sabihin nito ay natutuyuan o nawawalan ng laman at sa siday ang tinutukoy ay pagkauhaw o pagnanais na mag-inom ng nakalalasing na inumin. Ang kayarian ng salitang *hinuhubsan* ay inuulit dahil maliban sa ito ay gumamit ng gitlaping *-in-* at hulaping *-an*, nagkaroon din ng pag-uulit sa unang pantig ng salita samantala *pandiwa* ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salitang *hinuhubsan* sapagkat ito'y nagsasaad ng kilos na paghubas, pagkatuyo o pagkawalan ng laman. Ang *pandiwang* ito ay nasa aspektong imperpektibo dahil inilalarawan ng makata ang kasalukuyang nagaganap na kilos.

Samantala, ang salitang *dughan* ay binubuo lamang ng malayang morpema. Ito ay katumbas sa Filipino ng

salitang dibdib na tumutukoy sa bahagi ng katawan kung saan matatagpuan ang puso. Sa siday, ito ay inihambing sa medyahan na walang laman o ang pagnanais na mapunan o magkaroon ng laman tulad ng medyahan na nilalagyan ng inumin. Payak ang kayarian ng salita dahil walang pag-uulit at walang panlaping nakakabit sa salita. Nabibilang ang salitang *dughan* sa bahagi ng pananalita na pangngalan dahil ito’y tumutukoy sa ngalan ng bahagi ng katawan. Ang salita namang *medyahan* ay galing sa salitang *medya* na isang morpemang malaya at hinulapian ng di-malayang morpema na *-han* na may kahulugang isang kasangkapan o bagay na ginagamit para sa kahulugang isinasaad ng salitang-ugat at ito ay itinuturing na isang di-malayang morpema sapagkat walang sariling kahulugan. Ang medyahan ay isang uri ng lalagyan ng likido o inumin katulad ng tuba na siyang binabanggit sa siday. Maylapi ang kayarian ng salitang ito dahil may panlaping ikinabit sa salitang-ugat. Ito ay isang pangngalan dahil tumutukoy sa ngalan.

Kabilang din ang salitang *inaalagan* sa pagsusuri. Ito ay mula sa salitang-ugat na *alog*, isang malayang morpema, na inunlapiang ng di-malayang morpemang *in-* na nagsasaad ng kilos at hinulapian ng *-an* na nagpapahiwatig na gawin sa isang bagay ang kilos na isinasaad at kinaltas ang letrang “o” sa salitang-ugat saka inulit ang pantig na “a” bilang unang pantig ng salita kaya nabuo ang salitang *inaalagan*. Ang ibig sabihin ng salitang *inaalagan* ay iniigiban o nilalagyan ng laman na ang tinutukoy sa siday ay ang pagpunta sa tindahan ni Aling Semang upang palagyan ng inumin. Ang kayarian ng salita ay inuulit dahil maliban sa may ikinabit na panlapi sa salita, nagkaroon din ng pag-uulit. Ito’y tumutukoy sa kilos na pag-iigib o iniigiban kaya pandiwa ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan at ito’y nasa anyong imperpektibo dahil ang kilos ay kasalukuyang nagaganap. Ang salita namang *nagpipinanuyangko* ay mula sa malayang morpemang *yangko* at di-malayang morpema na unlaping *nagpipinanu-* na nagsasaad ng patuloy na pagkakanap sa kilos sa pamamagitan ng pag-uulit ng pantig na “pi”. Ang salitang *nagpipinanuyangko* ay nangangahulugang nagpoproblema o malalim na nag-iisip sa mga nangyayari sa buhay habang nakalagay ang kamay sa may mukha. Ang kayarian ng salita ay inuulit dahil bukod sa panlaping nakakabit ay nagkaroon ng pag-uulit sa ikalawang pantig ng salita. Ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita ay pandiwa na nasa anyong imperpektibo dahil tumutukoy sa kasalukuyang kilos.

Ang kasunod na salita ay *kasingkasing* na binubuo lamang ng salitang-ugat o malayang morpema. Ito ay katumbas sa Filipino ng puso o bahagi ng katawan ng tao na tumitibok at itinuturing na pinakamahalaga sapagkat kapag hindi na ito tumibok, mawawala na ang buhay ng tao. Ang kayarian ng salitang *kasingkasing* ay payak dahil wala itong nakakabit na anumang panlapi at pangngalan ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan nito. Bahagi rin ng pagsusuri ang salitang *tinataro-tangwayan* na galing sa salitang-ugat na *tangway* at di-malayang morpema na gitlaping *-in-* na nagpapahiwatig ng pagnanais na maganap ang kilos na pagtangway at hulaping *-an* na nagsasaad ng tambingang kilos at inulit ang pantig na “ta” sa salitang *tinatangwayan* at nagkaroon ng pagdaragdag ng katagang “ro” bago ang salitang-ugat na *tangway* at ginamitan ng gitling upang ipakita ang pag-uulit. Katumbas ang salitang ito sa Filipino ng pagbili ng inuming nakalalasing tulad ng tuba para pagsaluhan. Ang kayarian ng salita ay inuulit dahil may pag-uulit na naganap maliban sa pagkakaroon ng panlaping nakakabit partikular ang unlapi at hulapi. Ito ay isang pandiwa na nasa aspektong imperpektibo dahil kasalukuyang nagaganap ang kilos na pagtangway. Ang salitang *mamagsul-ay* ay nagmula sa malayang morpemang *sul-ay* at di-malayang morpema na unlaping *mamag-* na nagsasaad ng kilos na hindi pa nagaganap sa halip ito ay hinuha pa lamang na maaaring mangyari. Ang salitang *mamagsul-ay* ay katumbas sa Filipino ng masuka dahil sa kalasingan ayon sa nais ipahiwatig ng Siday. Inuulit ang kayarian ng salita at pandiwa ang bahagi ng pananalita.

Ang salita namang *pagtinagay-tagayan* ay may malayang morpemang *tagay* at di-malayang morpemang *pag-* na nagsasaad ng panggagaya sa tinutukoy ng salitang-ugat na tagay at ginitlapiang ng *-in-* na nagpapahiwatig ng pagkakanap ng kilos ng pandiwa at ang hulaping *-an* na ikinakabit sa salitang-ugat. Ito ay katumbas sa Filipino ng pagtagay-tagayan at inuulit ang kayarian ng salita. Pandiwa ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita. Ang salitang *manlunay* sa malayang morpema na lunay at inunlapiang ng di-malayang morpemang *man-* na nagsasaad ng kilos na paglunay na ang ibig sabihin ay mapahiga sa sahig dahil sa sobrang kalasingan ayon sa ipinahiwatig sa siday. Ang kayarian ng salita ay maylapi at ang bahagi ng pananalita ay

pandiwa.

Batay sa pagsusuri, lumabas na dalawang salita lamang ang binubuo ng malayang morpema tulad ng salitang *dughan* at *kasingkasing*. Walo ang mga salitang may nakakabit na panlapi. Limang salita ang may nakakabit na di-malayang morpema tulad ng unlaping *in-* sa salitang *inaalngan*, *nagpipinanu-*, *mamag-*, *pag-*, at *man-*. Tatlong beses naman ginamit sa mga salita ang gitlaping *-in-*. Samantala, ang hulaping *-an* ay tatlong beses ikinabit sa mga salita at isang beses ginamit ang hulaping *han-*.

Ang mga panlaping ginamit sa sampung salita sa Siday ay limang unlapi tulad ng *in-*, *nagpipinanu-*, *mamag-*, *pag-* at *man-* na makikitang nakakabit sa tig-iisang salita samantala, ang gitlaping *-in-* ay matatagpuang nakakabit sa tatlong salita, at ang hulaping *-an* ay nakakabit sa tatlong salita, at isang beses namang ginamit ang hulaping *-han*. Kaya masasabing higit na maraming salita ang mayroong di-malayang morpema tulad ng unlaping *in-nagpipinanu-*, *mamag*, *pag*, at *man* na nakakabit sa mga morpemang malaya. Napag-alaman din na nagtataglay ng literal na kahulugan ang mga salita sa Siday.

Nabatid din na dalawang salita ang payak ang kayarian tulad ng *dughan* at *kasingkasing*; dalawang salita ang nasa anyong maylapi tulad ng *medyahan*, at *manlunay*; at anim na salita ang inuulit tulad ng *hinuhubsan*, *inaalngan*, *nagpipinanuyangko*, *tinataro-tangwayan*, *mamagsul-ay*, at *pagtinagay-tagayan*. Masasabing karamihan sa kayarian ng mga salita sa Siday ay inuulit. Natuklasan na pitong salita ay pandiwa at tatlo ang mga salitang pangngalan. Samakatwid, karamihan sa mga salita ay pandiwa ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan.

Kung gayon, masasabing higit na maraming salita sa Siday ay kinapapalooban ng di-malayang morpema tulad ng unlaping *in-nagpipinanu-*, *mamag*, *pag*, at *man* na ikinabit sa malayang morpema. Lahat ng mga salita ay nagtataglay ng literal na kahulugan at ang kayarian ng karamihang salita ay inuulit samantala pandiwa ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng nakararaming salita.

Ang resulta ng pagsusuring ito ay malapit sa natuklasan sa pag-aaral ni Carpio (2019), na halos lahat ng anyo ng morpema ay binubuo ng pinagsamang malaya at di-malayang morpema; maylapi ang higit na kinabibilangang kayarian ng mga salita at pandiwa ang bahagi ng pananalita na may pinakamaraming bilang. Malaki ang pagkakatulad sa kinalabasan ng pagsusuri sa unang Siday sa resulta ng nabanggit na pag-aaral. Sa pagtuturo, mahalagang pag-aralan ang anyo ng morpema, kahulugan ng mga salitang nakapaloob, ang kayarian ng mga salita, bahagi ng pananalita at iba pang kahawig na paksa upang maging malinaw sa isipan ng mga mag-aaral kung paano nabubuo ang mga salita at paano pagsasama-samahin ang mga ito sa pangungusap sa pagkatha ng akda na natitiyak ang tamang kahulugan at organisasyon ng lahat ng mga sangkap sa isang mahusay na pagpapahayag.

## **Salin**

Makikita sa Talahanayan 2 ang sampung salita mula sa Siday na akda ni Imelda Ruiz at pinamagatang “Salin”. Ang unang salitang ginamit ay *nangaturog* na galing sa salitang-ugat na *turog* na inunlapiang ng di-malayang morpemang *nanga-* na ang ibig sabihin ay pagkakaganap sa kilos na pagtulog. Ang salitang nangaturog ay katumbas sa Filipino ng nakatulog na nangangahulugang hindi sinasadyang pagkatulog. Maylapi ang kayarian ng salita at pandiwa ang bahagi ng pananalita. Ang ikalawang salita ay *paghinulat* na nagmula sa malayang morpemang *hulat* at nilapiang ng di-malayang morpemang *pag-* at gitlaping *-in-* na nagpapahiwatig ng patuloy na pagkakaganap sa kilos. Ito ay nangangahulugang paghihintay. Maylapi ang kayarian ng salita at pandiwa ang bahagi ng pananalita.

Ang kasunod na salita ay *pagmata* na may malayang morpemang *mata* at di-malayang morpena na unlaping *pag-* na tumutukoy sa kilos na isinasaad ng salitang-ugat.

**Talahanayan 2***Morpo-Analysis sa Siday na "Salin"*

Mga Salita	Anyo ng Morpema		Pagpapakahulugan	Kayarian ng Salita	Bahagi ng Pananalita
	Malaya	Di-Malaya			
1.nangaturog <i>nakatulog</i>	turog	nanga-	hindi sinasadyang pagkatulog	maylapi	pandiwa
2.paghinulat <i>paghihintay</i>	hulat	pag-	paghihintay na dumating	maylapi	pandiwa
3.pagmata <i>paggising</i>	mata	pag-	paggising	maylapi	pandiwa
4.linakat <i>umalis</i>	lakat	-in-	pagpunta sa isang lugar	maylapi	pandiwa
5. paglatag <i>paglagay</i>	latag	pag-	pag-ayos sa isang bagay	maylapi	pandiwa
6.marasa <i>masarap</i>	rasa	ma-	pagkakaroon ng magandang lasa	maylapi	pang-uri
7.pamahaw <i>almusal</i>	pamahaw	wala	unang kainan sa umaga	payak	pangngalan
8.kagutom <i>pagkagutom</i>	gutom	ka-	pangangailangan ng pagkain	maylapi	pangngalan
9.nagsisinagdon <i>nagpapayo</i>	sagdon	nag-	nagbibigay ng payo	inuulit	pandiwa
10. salin <i>tira</i>	salin	wala	pagkaing hindi naubos	payak	pangngalan

Katumbas ito sa Filipino ng paggising. Ang kayarian ng salita ay maylapi at pandiwa ang bahagi ng pananalita. Ang salitang *linakat* ay nagmula sa malayang morpemang *lakat* na ginitlepian ng di-malayang morpemang *-in-* na nagpapahiwatig na nangyari na ang kilos. Ito ay katumbas sa Filipino ng *umalis*. Maylapi ang kayarian ng salita at ang bahagi ng pananalita ay pandiwa sa aspektong perpektibo dahil naganap na ang kilos.

Gayunpaman, ang salitang *paglatag* ay nagmula sa malayang morpema na *latag* at inunlapian ng di-malayang morpema na *pag-* na tumutukoy sa paggawa ng kilos na isinasaad ng salitang-ugat. Ang ibig sabihin ng salitang *paglatag* ay paglagay o pag-ayos ng isang bagay sa isang lalagyan. Ang kayarian ng salita ay maylapi dahil sa panlaping ginamit at ito ay isang pandiwa na nasa anyong perpektibo o tapos nang gawin ang kilos. Ang salita namang *marasa* o *masarap* sa wikang Filipino ay binubuo ng malayang morpemang *rasa* na kinabitan ng di-malayang morpemang *ma-* na nagpapahayag ng pagkakamayroon. Maylapi ang kayarian ng salita at ang bahagi ng pananalita ay pang-uri.

Ang salita namang *pamahaw* o *almusal* sa Filipino ay binubuo ng malayang morpema. Ang kayarian ng salita ay payak at ito ay pangngalan. Ang salitang *kagutom* o *pagkagutom* sa Filipino ay binubuo ng malayang morpemang *gutom* at inunlapian ng di-malayang morpemang *ka-* na nagbibigay-turing sa salitang *gutom*. Maylapi ang kayarian ng salita at pangngalan ang bahagi ng pananalita. Ang salita namang *nagsisinagdon* ay

galing sa morpemang malayang *sagdon* at inunlapihan ng di-malayang morpemang *nag-* na nagsasaad ng pagkakaganap sa kilos at giniltapihan ng *-in-* na nagpapahiwatig ng patuloy na pagkakayari sa kilos. Ito ay nangangahulugang nagbibigay ng payo sa isang taong nagugulumihan. Ang kayarian ng salita ay inuulit at ang bahagi ng pananalita ay pandiwa. Ang ikasampung salita ay *salin* na kinapapalooban ng malayang morpema lamang. Ito ay katumbas sa Filipino ng salitang tira na nangangahulugang pagkaing hindi naubos. Payak ang kayarian ng salita dahil binubuo lamang ito ng salitang-ugat at walang nakakabit na panlapi at walang pag-uulit. Ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan nito ay pangngalan.

Batay sa pagsusuri, dalawang salita ang binubuo ng malayang morpema tulad ng salitang *pamahaw* at *salin*. Walo naman sa mga salita ang may nakakabit na panlapi. Karaniwan sa mga di-malayang morpemang ginamit ay unlaping *nanga-*, *pag-*, *pagmata*, at *paglatag*; *ma-*, *ka-* at *nag-*; at ang gitlaping *-in-*. Samakatwid, masasabing karamihan sa mga salita ay binubuo ng malayang morpema na may nakakabit na di-malayang morpema tulad ng unlaping *nanga-*, *pag-*, *ma-*, *ka-*, at *nag-*.

Nabatid din na lahat ng salitang sinurina ay tataglay ng literal na kahulugan tulad ng salitang *nangaturong*, *paghinulat*, *pagmata*, *linakat*, *paglatag*, *marasa*, *pamahaw*, *kagutom*, *nagsisinagdon*, at *salin*. Masasabing lahat ng salita ay mayroong literal na kahulugan.

Lumabas din sa pag-aaral na sa sampung salitang sinuri, dalawa ang salitang payak tulad ng *pamahaw* at *salin*, isa ang inuulit tulad ng *nagsisinagdon* at pitong salita ang maylapi ang kayarian tulad ng *nangaturong*, *paghinulat*, *pagmata*, *linakat*, *paglatag*, *marasa*, at *kagutom*. Kung gayon, masasabing maylapi ang kayarian ng higit na maraming salita sa Siday.

Natuklasan din na sa sampung salitang sinuri, anim ang pandiwa tulad ng *nangaturong*, *paghinulat*, *pagmata*, *linakat*, *paglatag*, at *nagsisinagdon*, tatlo ang pangngalan gaya ng *pamahaw*, *kagutom*, at *salin* at isang salita ang pang-uri tulad ng *marasa*. Pandiwa ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng karamihang salita.

Samakatwid, ang mga salitang sinuri mula sa Siday ay karamihan binubuo ng malayang morpema na may nakakabit na di-malayang morpema tulad ng unlaping *nanga-*, *pag-*, *ma-*, *ka-*, at *nag-*. Kahulugang denotasyon ang taglay ng mga salita, maylapi ang kayarian ng karamihang salita at kalimitan ay pandiwa ang bahagi ng pananalita.

May kaugnayan ang resultang ito sa natuklasan ng disertasyon ni Jacaban (2005) na ang mga salitang pangnilalamang sinuri ay binubuo ng kumpol ng mga panlapi na ginamit sa paglalapi sa salitang-ugat o malayang morpema. Lumabas din sa pagsusuri na karamihan sa mga malayang morpema ay may nakakabit na unlapi at ang kayarian ng salita ay kalimitang maylapi.

Ang pagbatid sa mga anyo ng morpema, kahulugan, kayarian at bahagi ng pananalita ay isang kahingian para sa matibay na pundasyon sa pag-aaral ng wika. Ito ay nagsisilbing susi tungo sa malinaw na kabatiran at produktibong pag-aanalisa sa palabuon ng isang wika.

Sa pagtuturo, marapat na linawin muna ng guro ang mga tuntunin, patakaran at iba pang dapat tandaan ng mga mag-aaral bago magsimula ang pagtalakay upang maging malinaw ang bawat hakbang na gagawin sa klase. Gayundin ang paglilinaw sa mga konsepto tungkol sa paksa upang madali itong maiugnay sa talakayan at maging sa totoong pangyayari sa buhay.

### **Pamisita**

Matutunghayan sa talahanayan 3 ang sampung salita sa Siday na isinulat ni Jhonil C. Bajado na pinamagatang “**Pamisita**” at ang anyo ng morpema, pagpapakahulugan, kayarian ng mga salita at bahagi ng pananalita. Sampung salitang pangnilalaman ang pinili mula sa Siday na kumakatawan sa kabuoan ng akda.

Ang unang salita ay *mahagkot* na binubuo ng malayang morpemang *hagkot* at inunlapihan ng di-malayang morpemang *ma-* na nagpapahiwatig ng pagtataglay o pagkakamayroon. Ang salitang *mahagkot* ay katumbas sa

Filipino ng salitang malamig na tumutukoy sa siday sa nararamdamng lamig ng persona dahil sa bukung-liwayway. Maylapi ang kayarian ng salita dahil gumamit ng panlapi at ang bahagi ng pananalita nito ay pang-uri na naglalarawan sa nararamdamang lamig ng isang tao. Ang salitang *kaagahon* o bukung-liwayway ay may malayang morpema na *aga* at inunlapi ng morpemang di-malaya na *ka-* at hulaping *-hon* na ang ibig sabihin ay pagsapit ng madaling-araw. Ang kayarian ng salita ay maylapi at pangngalan ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan nito.

### Talahanayan 3

#### *Morpo-Analisis sa Siday na "Pamisita"*

Mga Salita	Anyo ng Morpema		Pagpapakahulugan	Kayarian ng Salita	Bahagi ng Pananalita
	Malaya	Di-Malaya			
1.mahagkot <i>malamig</i>	lamig	ma-	nararamdamang lamig ng katawan	maylapi	pang-uri
2.kaagahon <i>bukang-liwayway</i>	aga	ka-, -hon	pagsapit ng madaling-araw	maylapi	pangngalan
3.maatubang <i>haharap</i>	atubang	ma-	pagtingin sa sarili sa harap ng salamin	maylapi	pandiwa
4. mabisita <i>bibisita</i>	bisita	ma-	pagdalaw sa isang tao	maylapi	pandiwa
5.pag-abot <i>pagdating</i>	abot	pag-	pagdating sa bahay/pupuntahan	maylapi	pandiwa
6.inggis <i>kasintahan</i>	inggis	wala	sinisinta	payak	pangngalan
7.tumuro <i>tumulo</i>	turo	-um-	tumulo ang luha	maylapi	pandiwa
8.makurihay <i>medyo mahirap</i>	kuri	ma-, -hay	may kahirapan	maylapi	pang-uri
9. nawong <i>mukha</i>	nawong	wala	mukha ng tao	payak	pangngalan
10.haropoy <i>malamig</i>	haropoy	wala	malamig na pakiramdam	payak	pang-uri

Ang salitang *maatubang* ay nagmula sa malayang morpemang *atubang* na inunlapi ng *ma-* na tumutukoy sa kilos na gagawin pa lamang. Ito ay katumbas sa Filipino ng *haharap* na nangangahulugang pagharap o pagtingin sa sarili sa harap ng salamin batay sa inilalahad sa Siday. Maylapi ang kayarian ng salita at pandiwa ang bahagi ng pananalita. Ang salitang *mabisita* ay mula sa morpemang malaya na *bisita* at inunlapi ng di-malayang morpemang *ma-* na tumutukoy sa kakayahang gawin ang kilos. Ang salitang ito ay nangangahulugang pagbisita sa isang tao o nobya ayon sa tinutukoy sa Siday. Maylapi ang kayarian nito at pandiwa ang bahagi ng pananalita.



Ang salita namang *pag-abot* ay galing sa morpemang malaya na abot at nilapian ng unlaping *pag-* na nagsasaad ng kilos. Ito ay nangangahulugang pagsapit sa lugar na nais puntahan at ang tinutukoy sa siday ay pagdating sa bahay ng kasintahan. Ang kayarian ng salita ay maylapi at pandiwa ang bahagi ng pananalita. Ang salitang *inggis* ay binubuo ng malayang morpema lamang Ito ay nangangahulugang nobya. Payak ang kayarian ng salita at ang bahagi ng pananalita ay pangngalan.

Ang salita namang *tumuro* ay nagmula sa morpemang malaya na turo na kinabitan ng di-malayang morpema na gitlaping *-um-* na nagsasaad ng karaniwang kilos o kilos na naganap na. Ang ibig sabihin ng tumuro ay pumatak ang tubig o likido. Sa siday, ang tinutukoy na tumuro ay ang pagtulo ng mga luha ng binata nang makitang may salamin nang nasa ibabaw sa mukha ng kanyang nobya. Maylapi ang kayarian ng salita dahil ito’y gumamit ng panlapi at ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ay pandiwa sapagkat ito ay nagsasaad ng kilos at nasa anyong perpektibo o naganap na ang kilos.

Galing naman ang salitang *makurihay* sa malayang morpema o salitang-ugat na *kuri* at kinabitan ng unlaping *ma-* na nagpapahiwatig ng pagkakamayroon o pagtataglay ng kuri na bumubuo sa salita na maging pang-uri at ang hulaping *-hay* ay naglalarawan ng kasapatan o katamtaman. Ang ibig sabihin ng salitang makurihay ay medyo mahirap o may kaunting kahirapan. Sa siday ang tinutukoy ng persona sa paggamit ng salitang makurihay ay ang kahirapang nararamdaman ng binata sa pagpanaw ng kanyang kasintahan dahil sa pagkadurog ng kanyang puso. Ang kayarian ng salita ay maylapi dahil sa paggamit ng panlaping *ma-* at hulaping *-hay* na ikinabit sa salitang *kuri*. Ang bahagi ng pananalita ay pang-uri na naglalarawan sa nararansang kahirapan ng isang tao.

Samantala, ang salitang *nawong* ay binubuo lamang ng malayang morpema at Ito ay katumbas sa Filipino ng mukha. Payak ang kayarian ng salita at pangngalan ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan nito. Ang huling salita ay *haropoy* na kinapapalooban lamang ng malayang morpema. Ang ibig sabihin ng salita sa literal na pagpapakahulugan ay malamig na simoy ng hangin ngunit sa mas malalim na pagpapakahulugan batay sa pagkakagamit nito sa Siday ito ay katumbas sa panlalamig ng dibdib na inihambing sa bukung-liwayway na nangangahulugang malungkot na damdamin dahil sa pagpanaw ng minamahal na kasintahan. Payak ang kayarian ng salita at pang-uri ang bahagi ng pananalita.

Batay sa pagsusuri, natuklasan na sa sampung salita mula sa Siday, tatlo ang salitang binubuo ng morpemang malaya tulad ng salitang *inggis*, *nawong*, at *haropoy*. Pito naman ang salitang may panlaping ginamit tulad ng unlaping *ma-*, *ka-*, at *pag-* sa salitang *pag-abot*, gitlaping *-um-*, at hulaping *-hon* at *hay-*. Kalimitan ang mga salita sa Siday ay binubuo ng malayang morpema na may nakakabit na di-malayang morpema tulad ng unlaping *ma-*, *ka-*, at *pag-*. Natuklasan na sa sampung salitang sinuri, siyam na salita ang kinapapalooban ng literal na kahulugan tulad ng *mahagkot*, *kaagahon*, *maatubang*, *mabisita*, *pag-abot*, *inggis*, *tumuro*, *makurihay*, at *nawong*. Samantala, isang salita ang mayroong kahulugang konotasyon o malalim na kahulugan tulad ng salitang *haropoy*. Masasabing halos lahat ng mga salita sa siday ay nagtataglay ng literal na kahulugan.

Napatunayan din sa pag-aaral na sa sampung salita, tatlo ang payak tulad ng *inggis*, *nawong* at *haropoy* samantala pito ang maylapi ang kayarian tulad ng *mahagkot*, *kaagahon*, *maatubang*, *mabisita*, *pag-abot*, *tumuro* at *makurihay*. Kaya masasabing karamihan sa kayarian ng mga salitang bumubuo sa siday ay maylapi. Natuklasan din na tatlo ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng mga salitang sinuri. Ang mga ito ay pangngalan, pandiwa at pang-uri. Tatlo ang salitang pangngalan tulad ng *kaagahon*, *inggis* at *nawong* samantala apat ang pandiwa tulad ng *maatubang*, *mabisita*, *pag-abot*, at *tumuro* at tatlo naman ang pang-uri tulad ng *mahagkot*, *makurihay* at *haropoy*. Samakatwid, masasabing higit na maraming salita sa siday ay pandiwa ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan.

Kung gayon, masasabing ang mga salita sa Siday na “Pamisita” ay kalimitang binubuo ng malayang morpema na may nakakabit na di-malayang morpema tulad ng unlaping *ma-*, *ka-*, at *pag-*. Halos lahat ng mga salita ay nagtataglay ng literal o kahulugang denotasyon. Karamihan sa mga salita ay maylapi ang kayarian at

higit na nakararami ang mga salitang pandiwa sa bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng mga ito. Ang malawak na kaalaman sa palabuoan ng mga salita ng isang wika ay malaking tulong sa bawat mag-aaral tungo sa wastong pagbuo ng salita, parirala, pangungusap at talata na ginagamit sa paglalahad ng kaisipan kaugnay sa iba't ibang paksa. Ang kaalamang ito ay sandata ng mag-aaral sa loob ng klasrum para sa isang masaya at makabuluhang palitan ng ideya sa pagitan ng guro at mag-aaral tungo sa pagkakamit ng dekalidad na edukasyon.

### Pagnguyngoy han Dughan

Makikita naman sa Talahanayan 4 ang mga piling salita mula sa Siday na akda ni Leonilo D. Lopido na pinamagatang “Pagnguyngoy han Dughan” at ang anyo ng morpema, kahulugan ng mga salita, kayarian at bahagi ng pananalita.

### Talahanayan 4

*Morpo-Analisis sa Siday na “Pagnguyngoy han Dughan”*

Mga Salita	Anyo ng Morpema		Pagpapakahulugan	Kayarian ng Salita	Bahagi ng Pananalita
	Malaya	Di-Malaya			
1. pagbantara <i>paggalaw</i>	bantad	pag-, -a-	paggalaw sa isang bagay	maylapi	pandiwa
2. saad <i>pangako</i>	saad	wala	sinumpaang pahayag	payak	pangngalan
3. mapapara <i>mabubura</i>	para	mapa-	mawawala	inuulit	pandiwa
4. mamus-ak <i>mamatay</i>	mus-ak	ma-	malagutan ng hininga	maylapi	pandiwa
5. matigbak <i>mamatay</i>	tigbak	ma-	mawalan ng buhay	maylapi	pandiwa
6. hiulingag <i>mag-alala</i>	ulingag	hi-	mag-isip nang lubos; mabahala	maylapi	pandiwa
7. malangkag <i>maghihintay</i>	langkag	ma-	maglalaan ng panahon	maylapi	pandiwa
8. mangangarag <i>manghihinayang</i>	karag	manga-	panghihinayang sa isang bagay o pagkakataon	inuulit	pandiwa
9. ilubong <i>ilibing</i>	lubong	i-	ibaon sa lupa	maylapi	pandiwa
10. kapakyas <i>kasawian</i>	pakyas	ka-	hindi pagkakaganap sa nais mangyari	maylapi	pangngalan

Ang unang salita sa siday ay *pagbantara* na binubuo ng malayang morpema na *bantad* at kinabitan ng di-malayang morpema na unlaping *pag-* na nagsasaad ng kilos at hinulapian ng panlaping *-a* na bumubuo ng pandiwa. Nagkaroon ng pagbabago sa letrang ‘d’ bilang huling katinig ng salitang-ugat na bantad dahil ito ay kinabitan ng ponemang patinig na ‘a’ kaya ito ay naging letrang ‘r’ at nabuo ang salitang pagbantara. Ito ay katumbas sa Filipino ng salitang paggalaw na nangangahulugang paggalaw sa isang bagay. Sa mas malalim na

pagpapakahulugan at batay sa Siday, ang salitang *pagbantara* ay katumbas ng pag-alala na tumutukoy sa pag-iisip sa nakalipas na ang tinutukoy sa siday ay ang mga pangakong napako at nabaun na sa limot. Ang kayarian ng salita ay maylapi dahil sa panlaping *pag-* at hulaping *-a* na ginamit at ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita ay pandiwa sapagkat nagsasaad ito ng kilos.

Ang ikalawang salita ay *saad* na binubuo lamang ng morpemang malaya o salitang-ugat at walang panlaping nakakabit kaya payak ang kayarian ng salita. Ito ay katumbas sa Filipino ng pangako at nangangahulugang mga sinumpaang pahayag o bagay na ipinanatang gawin. Ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita ay pangngalan.

Ang ikatlong salita ay *mapapara* na galing sa morpemang malaya na *para* na inunlapan ng di-malayang morpema na *ma-* na nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na isinasaad ng salitang-ugat at nagpapahiwatig na ang kilos ay hindi pa nagaganap at inulit ang unang pantig na *pa* kaya nabuo ang salitang mapapara. Katumbas ang salitang ito sa Filipino ng salitang mabubura na ang ibig sabihin ay mawawala at sa mas malalim na pagpapakahulugan batay sa siday ay makakalimutan na ang tinutukoy ay ang mga pangako. Ang kayarian ng salita ay inuulit dahil may pag-uulit na naganap sa unang pantig ng salitang-ugat. Pandiwa naman ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan nito dahil ito ay nagsasaad ng kilos at ito ay nasa aspektong kontemplatibo dahil hindi pa nagaganap ang kilos.

Gayunpaman, ang salitang *mamus-ak* ay binubuo ng malayang morpemang mus-ak at di-malayang morpema na panlaping *ma-* na nagpapahiwatig na ang kilos ay hindi pa nagaganap at nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na isinasaad ng salitang-ugat. Ito ay katumbas sa Filipino ng mamatay na nangangahulugang malagutan ng hininga. Maylapi ang kayarian ng salita dahil sa paggamit ng panlapi at ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan nito ay pandiwa na nagsasaad ng kilos. Ang salita namang *matigbak* ay galing sa salitang-ugat o morpemang malaya na tigbak at kinabitan ng di-malayang morpemang *ma-* na nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na isinasaad ng salitang-ugat at nagpapahiwatig na ang kilos ay hindi pa nagaganap. Katumbas ng salitang *matigbak* ang salitang mamatay o mawalan ng buhay. Ang kayarian ng salita ay maylapi at ang bahagi ng pananalita ay pandiwa na nasa anyong pawatas dahil hindi pa ito nababanghay sa anumang aspekto ng pandiwa.

Sa kabilang banda, ang salitang *hiulingag* ay mula sa morpemang malaya na ulingag at kinabitan ng di-malayang morpema o panlaping *hi-* na iniuugnay sa kakayahan sa paggawa ng isang kilos. Ang ibig sabihin ng salitang ito ay mag-alala o mag-isip nang lubos at ang tinutukoy sa siday ay nais ng binata na hindi na mag-alala ang sinisintang dalaga sa kanya. Ang kayarian nito ay maylapi dahil gumamit ng panlapi at ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita ay pandiwa partikular pawatas na nagsasaad ng kilos at walang aspektong nakakabit nito.

Kabilang din sa pagsusuri ang salitang *malangkag* na nagmula sa malayang morpema na *langkag* at kinabitan ng di-malayang morpema o panlaping *ma-* na tumutukoy sa kakayahang gawin ang kilos na isinasaad ng salitang-ugat at nagpapahiwatig na ang kilos ay mangyayari pa lamang. Ang katumbas sa Filipino ng salitang *malangkag* ay maghihintay na nangangahulugang maglalaan ng panahon na ang tinutukoy sa siday ay hindi na maghihintay o maglalaan ng panahon kahit umalis pa ang minamahal na dalaga. Ang kayarian ng salita ay maylapi dahil may ginamit na panlapi upang mabuo ang salita at pandiwa ang bahagi ng pananalita na nasa anyong pawatas.

Gayunpaman, ang salita namang *mangangarag* ay nagmula sa morpemang malaya na *karag* na kinabitan ng di-malayang morpemang *manga-* at kinaltas ang letrang 'k' sa salitang-ugat na *karag* saka ikinabit ang panlaping *manga*, *pagkatapos ay inulit ang pantig na 'nga' kaya nabuo ang salitang mangangarag*. Ito ay katumbas sa Filipino ng manghihinayang o magsisisi sa pagkawala ng minamahal ayon sa tinutukoy sa siday. Inuulit ang kayarian ng salita dahil sa pag-uulit sa unang pantig ng salitang-ugat at ang bahagi ng pananalita ay pandiwa na nasa aspektong kontemplatibo dahil hindi pa nagaganap ang kilos.

Ang salitang *ilubong* ay binubuo ng morpemang malaya na lubong at ikinabit ang di-malayang morpemang *i-* na nagsasaad ng paggawa ng kilos. Ito ay katumbas sa Filipino ng ilibing na ang ibig sabihin ay ibaon sa lupa at sa mas malalim na pagpapakahulugan ayon sa pagkakalahad sa siday ay kalimutan o iwaglit sa isipan na tumutukoy sa kasawiang dala ng dalaga na nais makalimutan ng binata. Ang kayarian ng salita ay maylapi dahil may panlaping ikinabit sa salita at ito ang unlaping *i-*. Ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita ay pandiwa dahil ito ay nagsasaad ng kilos at nasa anyong pawatas na parang nag-uutos na gawin ang kilos na paglilibing.

Ang huling salita ay *kapakyas* na nagtataglay ng malayang morpema na *pakyas* at inulapian ng di-malayang morpema na *ka-* na bumubuo sa pangngalan at nagsasaad ng kabasalan ng diwang taglay ng salitang-ugat. Katumbas ang salitang ito sa Filipino ng kasawian na nangangahulugang hindi pagkakaganap sa plano o nais mangyari na iniugnay ng binata sa kanyang pagkabigo sa dalaga batay sa nilalaman ng siday. Ang kayarian ng salita ay maylapi dahil sa panlaping *ka-* na ginamit at ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan nito ay pangngalan.

Napag-alaman batay sa pagsusuri na sa sampung salita mula sa Siday, isang salita lamang ang binubuo ng malayang morpema at walang nakakabit na panlapi at ito ang salitang *saad*. Siyam naman ang mga salitang may nakakabit na panlapi. Ang mga panlaping ginamit ay unlaping *pag-* sa salitang pagbantara, *ma-* sa mga salitang mapapara, mamus-ak, matigbak, malangkag, at mangangarag; unlaping *hi-* sa salitang hiulingag, unlaping *i-* naman sa salitang *ilubong* at unlaping *ka-* sa salitang *kapakyas*. Isang salita naman ang may nakakabit na hulaping *-a* sa salitang pagbantara. Walang salitang may nakakabit na gitlapi sa mga salitang sinuri. Dalawang panlapi ang nakakabit sa mga salitang sinuri at ang mga ito ay unlapi at hulapi. Sa mga unlaping ginamit, lumalabas na ang unlaping *ma-* ay nakakabit sa limang salita samantala ang unlaping *pag-*, *hi-*, *i-*, at *ka-* ay nakakabit sa tig-iisang salita lamang. Ang hulaping *a-* naman ay makikitang ginamit sa isang salita lamang. Kaya masasabing karamihan sa mga salita sa Siday ay kinapapalooban ng malaya at di-malayang morpema partikular ang unlaping *ma-*.

Napatunayan din sa pagsusuri na sa lahat ng salita ay mayroong karaniwan o literal na kahulugan tulad ng *pagbantara*, *saad*, *mapapara*, *mamus-ak*, *matigbak*, *hiulingag*, *malangkag*, *mangangarag*, *ilubong* at *kapakyas*. Kaya masasabing ang mga salita sa siday ay nagtataglay ng kahulugang denotasyon o literal na kahulugan.

Nabatid din na pitong salita ang nasa anyong maylapi tulad ng *pagbantara*, *mamus-ak*, *matigbak*, *hiulingag*, *malangkag*, *ilubong* at *kapakyas*; dalawang salita naman ang inuulit tulad ng *mapapara* at *mangangarag* at isang salita ang payak tulad ng *saad*. Samakatwid, masasabing maylapi ang kayarian ng karamihang salita sa siday.

Natuklasan din sa pagsusuri na ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng mga salitang sinuri ay pandiwa at pangngalan. Walo sa mga salita ay pandiwa tulad ng *pagbantara*, *mapapara*, *mamus-ak*, *matigbak*, *hiulingag*, *malangkag*, *mangangarag* at *ilubong*; dalawang pangngalan tulad ng *saad* at *kapakyas*. Kaya masasabing ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng maraming salita sa siday ay pandiwa.

Sa kabuoan, masasabing karamihan sa mga salita sa Siday na pinamagatang “Panguyngoy han Dughan” ay kinapapalooban ng malaya at di-malayang morpema partikular ang unlaping *ma-*. Ang mga salita ay nagtataglay ng kahulugang denotasyon o literal na kahulugan. Ang kayarian ng mga salita ay karamihan maylapi at higit na maraming salita ang kabilang sa bahagi ng pananalitang pandiwa.

Ang pagtutuo ng pansin sa palabuoan ng isang wika at katangian nito ay pagbatid din sa kasaysayan at kultura nito. May kaugnayan ang konseptong ito sa akademyang larangan tulad ng pagtuturo kung saan ang wikang ginagamit ng mag-aaral ay repleksyon ng kanyang sariling buhay na may kinalaman sa kultura at kasaysayan ng kanyang pamilya.

## **Kapaitan**

Nakapaloob sa Talahanayan 5 ang mga piling salita na bumubuo sa siday na “Kapaitan” at ang anyo ng

morpema, kahulugan, kayarian at bahagi ng pananalita. Ito ay isinulat ni Dominador L. Pagliawan.

### Talahanayan 5

*Morpho-Analysis sa Siday na "Kapaitan"*

Mga Salita	Anyo ng Morpema		Pagpapakahulugan	Kayarian ng Salita	Bahagi ng Pananalita
	Malaya	Di-Malaya			
1. nailub <i>natiis</i>	ilub	na-	nakayanan	maylapi	pandiwa
2. palyawan <i>halamang-gamot</i>	palyawan	wala	halamang-gamot	payak	pangngalan
3. paglutas <i>pagtigil sa pagpapadede</i>	lutas	pag-	pagtigil sa pagpapadede ng ina sa sanggol	maylapi	pandiwa
4. minasus-an <i>sanggol</i>	minasus-an	wala	sanggol na dumedede pa sa ina	payak	pangngalan
5. pakatilaw <i>natikman</i>	tilaw	paka-	nalalahan	maylapi	pandiwa
6. pagtirimpuhon <i>pagsama-samahin</i>	timpo	pag-, -ri	pagsasama-sama	maylapi	pandiwa
7. huna-huna <i>isipan</i>	huna	wala	alaala	inuulit	pangngalan
8. masalupsop <i>pumasok</i>	supso	ma-, -al-	pumasok sa isipan o puso	inuulit	pandiwa
9. magpapabilin <i>mananatili</i>	bilin	magpapa-	mananatili sa kinalalagyan	inuulit	pandiwa
10. balatia-an <i>karamdaman</i>	balati-an	wala	sakit na nararamdaman sa katawan	payak	pangngalan

Ang unang salita ay *nailub* na nagtataglay ng malayang morpema na *ilub* at inunlapan ng di-malayang morpemang *na-* na iniugnay sa kilos na naganap na at katumbas sa Filipino ng *natiis* na nangangahulugang nakayanan ang hirap na tumutukoy mapait na lasa ayon sa nilalaman ng siday. Ang kayarian ng salita ay maylapi dahil gumamit ng panlapi at ang bahagi ng pananalita ay pandiwa na nasa aspektong perpektibo dahil tapos nang mangyari ang kilos. Ang kasunod na salita ay *palyawan* na binubuo lamang ng malayang morpema. Ang *palyawan* ay uri ng *halamang-gamot* na mapait ang lasa at ginagamit sa pagpapatigil sa pagdede ng sanggol mula sa kanyang ina. Payak ang kayarian ng salita dahil binubuo lamang ito ng salitang-ugat. Pangngalan ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan nito sapagkat ito'y tumutukoy sa ngalan ng tanim.

Samantala, ang salitang *paglutas* ay mula sa malayang morpemang *lutas* at kinabitan ng di-malayang morpemang *pag-*. Ito ay nangangahulugang pagpapatigil sa pagpapadede ng ina sa kanyang sanggol. Maylapi

ang kayarian ng salita dahil ito ay mayroong panlaping nakakabit at pandiwa ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan nito. Ang salita namang *minasus-an* ay binubuo lamang ng malayang morpema. Ito ay nangangahulugang sanggol na dumedede pa sa ina. Payak ang kayarian ng salita dahil walang nakakabit na anumang panlapi at wala ring pag-uulit sa morpema sa halip ay binubuo lamang ng salitang-ugat. Ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita ay pangngalan.

Ang salitang *pakatilaw* ay mula sa malayang morpemang *tilaw* na inunlapihan ng di-malayang morpema na *paka-* na bumubuo ng pandiwa at nagsasaad ng kilos. Ito ay katumbas sa Filipino ng salitang natikman na nangangahulugang nalasahan at batay sa siday ang tinutukoy ay ang unang pagtikim sa gulay na ampalaya. Maylapi ang kayarian ng salita dahil sa paggamit ng panlapi at pandiwa ang bahagi ng pananalita nito. Ang salitang *pagtirimpuhon* ay binubuo ng malayang morpema na *timpo* na inunlapihan ng morpemang di-malaya na *pag-*, na nagpapahiwatig ng pagganap ng kilos, ginilapihan ng *-ri-* na nagsasaad ng pagganap ng kilos nang sabay-sabay at hinulapihan ng *-hon* na bumubuo sa pandiwa. Ito ay katumbas sa Filipino ng salitang pagsama-samahin na ang ibig sabihin ay pagsasama-sama ng mga bagay na ang tinutukoy sa siday ay pagsasama-sama ng lahat ng kapaitan. Maylapi ang kayarian ng salita dahil sa paggamit ng panlapi at pandiwa ang bahagi ng pananalita nito.

Sa kabilang banda, ang salitang *huna-huna* ay binubuo ng malayang morpemang *huna*. Ito ay katumbas sa Filipino ng isipan. Inuulit ang kayarian ng salita dahil may pag-uulit na naganap. Pangngalan ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan. Ang salitang *masalupsop* ay nanggaling sa malayang morpema na *supsop* na kinabitan ng di-malayang morpemang *ma-* na nagpapahiwatag ng pagtataglay o pagkakamayroon at gitlaping *-al-* na nagsasaad ng pagkakaganap ng kilos. Ang ibig sabihin ng salitang *masalupsop* ay pumasok sa isipan o puso na ang tinutukoy sa siday ay ang pagpasok ng pait sa puso ng persona sa tula. Ang kayarian ng salita ay maylapi at pandiwa ang bahagi ng pananalita. Ang kasunod na salita ay *magpapabilin* na mayroong malayang morpemang *bilin* at inunlapihan ng morpemang di-malaya tulad ng *magpa-* na nagsasaad ng kilos at inulit ang pantig na *pa* na nagpapakita ng patuloy na pagkakaganap sa kilos. Ang salitang *magpapabilin* ay katumbas sa Filipino ng maiiwan o mananatili na ang tinutukoy sa siday ay ang kapaitan na inilalarawan mula sa pinagsama-samang mapait na lasa ng palyawan, mariguso, katyubong, at apdo ayon sa inilalahad sa siday na maiiwan o mananatili ang mga ito sa kanyang dibdib. Inuulit ang kayarian ng salita dahil maliban sa may panlapi itong nakakabit, may pag-uulit ding naganap sa unang pantig ng salitang-ugat. Ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita ay pandiwa.

Ang huling salitang napili sa siday ay *balati-an* na binubuo lamang ng malayang morpema at sadyang may gitling ang pagkakasulat ng salita at hindi ito hulapi dahil wala namang salitang *balati* sa wikang Waray na nagtataglay ng kahulugan. Katumbas ang salitang *balati-an* sa Filipino ng karamdaman ng katawan. Payak ang kayarian ng salita dahil ito'y binubuo lamang ng malayang morpema. Ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng salita ay pangngalan.

Mula sa pagsusuring isinagawa sa sampung salita, napag-alaman na tatlo ang morpemang malaya na nagtataglay ng sariling kahulugan tulad ng *palyawan*, *minasus-an*, at *balati-an* samantala pito ang mga salitang may nakakabit na panlapi. Ang mga panlaping matatagpuan sa mga salita ay unlapi, gitlapi at hulapi. Sa sampung salitang sinuri, lumabas na anim ang may nakakabit na unlapi tulad ng panlaping *na-*, sa salitang *nailub*, *pag-* sa salitang *paglutas*, *paka-* sa salitang *pakatilaw*, *pag-* sa salitang *pagtirimpuhon*, *ma-* sa salitang *masalupsop*, at *magpapa-* sa salitang *magpapabilin*. Dalawa namang panlapi ang isiningit sa mga salita tulad ng gitlaping *-ri-* sa salitang *pagtirimpuhon*, at *-al-* sa salitang *masalupsop* samantala isang hulapi naman tulad ng panlaping *-hon* ang inihulapi sa salitang *pagtirimpuhon*. Masasabing karamihan sa mga panlaping ginamit sa mga salita ay unlapi tulad ng *na-*, *pag-*, *paka-*, *pagpa-*, *ma-*, at *mag-* na makikita sa tig-iisang salita o may kabuoang bilang na anim habang dalawang gitlapi tulad ng *-ri-* at *-al-* naman ang isiningit sa dalawang salita, at isang hulapi gaya ng *-hon* ang matatagpuan sa isang salita. Karamihan sa mga salita sa siday ay binubuo ng di-malayang morpema tulad ng unlaping *.na-*, *pag-*, *paka-*, *pagpa-*, *ma-*, at *mag-* na ginamit bilang panlapi sa mga malayang morpema.

Nabatid din sa pagsusuri na ang mga salita sa Siday ay nagtataglay ng mga kahulugan. Ang mga sinuring salita ay nailub, palyawan, paglutas, minasus-an, pakatilaw, pagtirimpuhon, huna-huna, masalupsop, magpapabilin, at balatian. Lahat ng mga salita ay kinapapalooban ng karaniwang kahulugan o kahulugang denotasyon. Napatunayan din sa pagsusuri na iba-iba ang kayarian ng mga salitang ginamit sa siday. Sa sampung salitang sinuri, tatlo ang payak o binubuo lamang ng salitang-ugat tulad ng *palyawan*, *minasus-an*, at *balatian* samantala lima ang mga salitang maylapi o may nakakabit na panlapi gaya ng *nailub*, *paglutas*, *pakatilaw*, *pagtirimpuhon*, at *masalupsop*, at dalawa ang salitang inuulit tulad ng *huna-huna*, at *magpapabilin*. Ang kayarian ng mga salitang nakapaloob sa siday ay karamihan maylapi. Napatunayan sa pagsusuri na mayroong anim na salita ang nabibilang sa pandiwa tulad ng *nailub*, *paglutas*, *pakatilaw*, *pagtirimpuhon*, *masalupsop*, at *magpapabilin*. Apat naman ang pangngalan gaya ng *palyawan*, *minasus-an*, *huna-huna*, at *balati-an*. Kaya masasabing higit na marami ang mga salitang nabibilang sa pandiwa. Samakatwid, karamihan sa mga salita sa Siday na “Kapaitan” ay may nakakabit na di-malayang morpema tulad ng unlaping *.na-*, *pag-*, *paka-*, *pagpa-*, *ma-*, at *mag-* na ginamit bilang panlapi sa mga malayang morpema. Ang mga salita ay nagtatalay ng kahulugang denotasyon. Ang kayarian ng salitang nakapaloob sa tula ay kalimitan maylapi at ang bahagi ng pananalitang kinabibilangan ng karamihan sa mga salita sa siday pandiwa.

Ang pagtutuon ng pansin sa morpo-analisis ng mga salita ng isang wika partikular ang wikang Waray ay isang kahingian upang higit na maunawaan ang pagkakabuo ng mga ito nang sa gayon ay magamit nang epektibo sa pakikipagkomunikasyon. Ang pagkilala sa mga anyo ng morpema, pagkakabuo sa salita at bahagi ng pananalitang kinabibilangan gayundin ang kahulugan ng mga salita ng isang wika ay isang patunay na buhay at patuloy na umuunlad ang wika. Ang kabatiran sa kaligiran ng wika ay hudyat sa epektibong paggamit at malayang pakikipagpalitan ng ideya. Sa ganitong paraan, lalong uunlad ang wika dahil sa patuloy na pag-aaral at paggamit nito. May kaugnayan ito sa nangyayari sa loob ng klasrum, kapag ang mga bata ay binigyan ng pagkakataon na gamitin ang sariling wika o anumang wikang mapagkakasundoang gamitin sa pagpapahayag maliban sa pambansang wika, sila ay malayang makapaglalahad ng ideya kaugnay sa paksang tinatalakay at masasabi nang malinaw ang nilalaman ng kanilang puso at isipan. Dahil sa paggamit ng kanilang wika, ito ay lalong uunlad at patuloy na madaragdagan ang mga salita gaya ng pagdaragdag ng kaalaman sa bawat talakayan ng mga mag-aaral. Kagaya ng pagpapatupad ng DepEd sa *Mother Tongue Based-Multilingual Education o MTB-MLE* na pinaniniwalaang higit na natututo ang bata kapag unang wika ang gagamitin sa simula ng kanilang pag-aaral.

#### 4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa pag-aaral, masasabing ang mga nagwaging Siday ay kinapapalooban ng anyo ng morpema tulad ng malaya at di-malaya, literal ang pagpapakahulugan sa mga salita, maylapi ang kayarian ng karamihang salita at pandiwa ang kinabibilangang bahagi ng pananalita ng mga salita. Iminumungkahi ang sumusunod: Gamitin ang mga nagwaging Siday bilang halimbawa sa pagtuturo ng wika at panitikan at gawing gabay ang ginamit na padron sa pagsusuri sa mga salita batay sa morpema, kayarian ng salita, kahulugan at bahagi ng pananalita gamit ang ibang genre ng panitikan.

#### 5. Mga Sanggunian

- Abadiano, M. N. (2016). *Research in daily life 1: Qualitative research method*. Cronica Book Haus.
- Abuyen, T. A. (2000). *Diksyunaryo Waray-Waray [Visaya] English-Tagalog*. Kalayaan Press Mktg. Ent., Inc. Quezon City. <https://war.wikipedia.org/wiki/Siday>
- Alcaraz, C. et al. (2005). *Filipino 2 Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. Lorimar Publishing Co. Inc. Boston St. Cubao, Quezon City.
- Aurillo, F. (1990). *Tingug ha kanto (Voice at the corner)*. Formillos Press, Tacloban City.
- Badayos, P. B. (2008). *Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino. Mga teorya, simulain, at istratehiya*. Mutya Publishing House, Inc. Malabon City.
- Beard, R. (1987). *Lexeme-morpheme based morphology: A general theory of inflection and word formation*.

- Albany*: State University of New-York Press.
- Carpio, M.L. (2019). *Mga siday ni M.P. Bonabon: Isang diksyunaryong Ninorte Samarnon-Filipino*.
- Cruzada, E. (2010). *Syahan nga hiwat, An namagdaug han syahan nga pasidungog Eduardo A. Makabenta, Sr. para han siday*.
- De Veyra, S. K. (1976). *Life character of the Leyteños in poetry of Iluminado Lucente*. St. Paul's College. Tacloban City.
- Diksyunaryo ng wikang Filipino. (1998). *Komisyon ng Wikang Filipino*. Bookstore.
- Jacaban, I. (2005). *Morpho-syntactic analysis ng mga piling genre ng panitikang Filipino*. Cebu Normal University.
- Kerlinger, F. N. (1973). *Foundations of behavioral research*. New York: Holt, Rinehart and Winston.
- Nolasco, R. M. (2005). *What Philippine ergativity really means*. Paper Presented at the First Taiwan-Japan Workshop on Austronesian Languages. National Taiwan University, Taiwan. On-line [Available] [homepage.ntu.edu.tw/~gilntu/data/workshop on Austronesian/11 nolasco.pdf](http://homepage.ntu.edu.tw/~gilntu/data/workshop%20on%20Austronesian/11_nolasco.pdf)
- Spencer, A. (1991). *Morphological theory: An introduction to word structure in generative grammar*. USA: Blackwell Publishers Ltd.